BC CANCER COLON SCREENING
Provincial Health Services Authority

# Paghahanda para sa Iyong Colonoscopy

Sinasagot ang iyong mga tanong tungkol sa paghahanda para sa colonoscopy

## Ano ang Colonoscopy?

Ang colonoscopy ay isang procedure para makita ng isang colonoscopist ang panloob na lining ng rectum at colon gamit ang isang special instrument na tinatawag na colonoscope.

Ang colonoscope ay isang flexible tube na may miniature camera na nakakabit sa isang dulo nito upang ang colonoscopist ay makakuha ng mga retrato at video ng iyong colon. Sa colonoscopy, maaaring kumuha ng tissue samples at maaaring magtanggal ng polyps.

## Maghanda

Ang iyong colonoscopy ay maaaring kanselahin o kailangang ulitin kung ang lahat ng instructions na ibinigay sa iyo ay hindi sinunod.

Ang success ng colonoscopy procedure ay lalo nang depende sa kung gaano kalinis ang iyong colon. Upang linisin ang iyong colon, kailangan kang gumamit ng bowel preparation medication. Mayroong iba't-ibang uri ng bowel preparation medications na available. Isasaalang-alang ng isang health care team sa iyong komunidad ang kasaysayan ng kalusugan ng iyong pamilya upang malaman nito kung ano ang pinakamainam para sa iyo.

Hindi mo kailangan ng reseta para sa gamot na ito, pero mainam ang tumawag muna nang masigurado na ang iyong botika ay may stock nito, kahit isang linggo man lamang bago ng iyong procedure.

Kailangan mo rin gumawa ng mga pagbabago sa iyong diet simula pitong araw bago ng iyong colonoscopy procedure.

## Clear Fluid Diet

Mahalagang-mahalaga na hindi lamang uminom ng maraming fluids, pero iba't-ibang fluids din. Dahil ang tubig ay walang electrolytes at kailangan mo i-replace ito. Iwasan ang fluids na may kulay pula o purple food colouring.

- ☑ Tubig
- ☑ Soft drink
- ☑ Jello
- ☑ Kape*
- ☑ Walang-kulay at walang-lamang sopas
- ☑ Sports drink
- ☑ Tsaa*
- ☑ Popsicle
- ☑ Juice (walang pulp)

*walang gatas o creamer

## Pre-Colonoscopy Checklist

**7 araw bago gawin ang colonoscopy**

- ❑ Bumili ng bowel preparation medication (gamot para sa paghahanda ng tiyan) mula sa iyong local pharmacy o drug store.
- ❑ Itigil ang pag-inom ng iron supplements.

MGA PAUNAWA: ____________________________________________________________

**5 araw bago gawin ang colonoscopy**

- ❑ Iwasan ang seeds, nuts, mais, whole grain bread, at granola.

MGA PAUNAWA: ____________________________________________________________

1 day before

- ❑ Ang dapat kainin/inumin lamang ay iba't-ibang clear fluids. Iwasan ang alak/cerveza.
- ❑ Inumin ang iyong bowel preparation medication.

MGA PAUNAWA: ______________________________________________________________________________

Day of procedure

- ❑ Dumating sa tamang oras, dala ang iyong BC Care/Services Card at photo ID.
- ❑ Iwanan ang iyong mga alahas o bagay na may kahalagahan sa bahay.
- ❑ Huwag gumamit ng mga produktong may amoy.
- ❑ Magsama ng isang adult na sasama sa iyo pauwi mula sa iyong colonoscopy at na mananatiliing kasama mo.

MGA PAUNAWA: ______________________________________________________________________________

## Tungkol sa Paghahanda ng Bowel

Ang bowel preparation medication ay nagdudulot ng diarrhea na nagtatanggal ng laman ng tiyan.. Ang instructions ay iaakma sa iyong mga pangangailangan at sa timing ng iyong colonoscopy. Itinitigil ng gamot na mag-absorb ang large bowel ng tubig. Ang isang tao ay maaaring mawalan ng tatlo hanggang apat na litro ng fluid bawat araw, kaya't mahalagang-mahalaga ang uminom ng maraming-maraming fluids sa araw bago ng iyong colonoscopy upang manatiling hydrated. Hindi maganda ang pakiramdam kapag dehydrated, at ito'y maaaring magdulot ng kahinaan ng katawan, pagkahilo, pananakit ng ulo, at sobrang kapaguran.

Para sa karamihan ng mga tao, ang gamot ay magsisimulang gumana sa loob ng isa hanggang tatlong oras. Kung sensitive ang iyong sistema, maaari itong gumana nang lubos na mas maaga. Siguraduhing hindi ka lalabas ng iyong bahay oras na ininom mo na ang gamot! Gagawin ding aktibong-aktibo ng gamot ang iyong tiyan, kaya ang iyong stool ay magiging mas acidic. Ang iyong puwit ay maaaring humapdi. Mainam ang gumamit ng baby wipes sa halip na toilet paper, magbabad sa bathtub na may hindi malalim na tubig, at maglagay ng Vaseline o zinc ointment.

## Mga mahalagang paunawa tungkol sa paghahanda ng bowel:

- Kapag tubig lamang ang iinumin, maaaring magkaproblema sa blood salt levels, at ito'y maaaring mauwi sa mga problema sa puso o sa seizures.
- Mangyaring i-check ang iyong sarili upang malaman kung may posibleng side effects, kabilang na ang alibadbad, pagsusuka, hangin sa tiyan, at pagkahilo.
- Humingi ng medikal na atensyon kung ikaw ay kasalukuyang nagsusuka, may grabeng pananakit sa tiyan, madugong pagdudumi, pananakit sa dibdib, at/o nawawalan ng malay-tao.
- Mangyaring paghandaan ito! Ang iyong colonoscopy ay maaaring kanselahin o kailangang ulitin kung ang lahat ng instructions na ibinigay sa iyo ay hindi sinunod.

## Kontakin Kami

BC Cancer Colon Screening
801-686 West Broadway Vancouver, BC V5Z 1G1

Telepono: 1-877-702-6566
Email: screening@bccancer.bc.ca
Web: www.screeningbc.ca/colon

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa di-awtorisadong paggamit at disclosure (pagsisiwalat sa iba), alinsunod sa Personal Information Protection Act (Batas Ukol sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon) at kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas Ukol sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado). Ang impormasyon na ito ay maaari lamang gamitin at ibunyag sa iba alinsunod sa nakalaan sa mga Batas na iyon, at ito'y gagamitin para mapamahalaan ang quality assurance; ito'y ibubunyag sa healthcare practitioners na nagbibigay ng pangangalaga, o kapag iniutos ito ng batas. Kung may anumang mga katanungan hinggil sa pangongolekta ng BC Cancer ng impormasyon, ipadala ito sa Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: www.screeningbc.ca o kaya email: screening@bccancer.bc.ca).